# 1

Sa katahimikan ng madaling-araw ay tumunog ang alarm clock sa bedside table ni Julia. Alas cinco ng umaga, kaagad na siyang bumangon para gawin ang kanyang early morning exercise. Nagtungo siya sa banyo at mabilis na nag-shower. Nagpalit ng jogging suit at lumabas ng kuwarto hanggang sa makalabas ng bahay.

She had self-discipline in getting up early everyday to prepare for a very hectic work schedule. At para palaging masigla siya, jogging at brisk walking ang kanyang exercise. Araw-araw ay ginagawa niya iyon sa malawak na lawn ng kanilang bahay, sa loob ng tatlumpo hanggang apatnapu't limang minuto. Umiikot siya hanggang sa likuran at sa gilid ng swimming pool. Kung nasa mood siya ay lumalabas pa siya ng gate at nakikisabay sa ibang joggers na umikot sa subdivision. Pero madalas lang niyang gawin ang gayon kapag kasabay niya ang mommy at daddy niya.

Dalawang linggo nang nagbabakasyon sa Canada ang kanyang mga magulang kaya nagkakasya na lamang siya sa pagtakbo sa lawn. Nanganak ang

nakababata niyang kapatid na si Jenna. Doon na ito nakabase kasama ang asawa nito. Palibhasa'y unang apo, excited ang kanyang mga magulang. Hihintayin na raw ng mga ito na mabinyagan ang kanyang pamangkin kaya baka abutin ang mga ito roon ng dalawang buwan. Gusto nga siyang pasunurin doon ni Jenna dahil ninang siya ng anak nito, pero paano naman niya maiiwan ang kanyang trabaho?

Dalawa lamang silang magkapatid ni Jenna. Mas matanda siya rito nang dalawang taon pero nauna itong nag-asawa. Simple lang ang perspective ng kapatid. Gusto nitong maging plain housewife at mother. Iba siya. Dugo at pawis ang pinuhunan niya para marating ang kanyang kinalalagyan ngayon sa mundo ng radyo at telebisyon bilang host ng isang top-rating show. She could not just easily give up her career.

Mabuti na lamang at pareho silang career-oriented ng nobyo niyang si Jimmy. Anim na taon na silang magkarelasyon. Nakabase sa Australia ang lalaki bilang engineer sa isang malaking chemical firm. Twice a year kung umuwi ito sa Pilipinas. Ang gusto nito ay magpakasal na sila sa susunod na taon, pero ang nais din nito ay tumira na siya sa Australia. Could she afford to leave her booming career and stay in the Land Down Under? Iyon ang

isang napakalaking tanong na hindi pa niya masagot. Ang hiniling na lang niya kay Jimmy, bigyan pa siya nito ng dalawa hanggang tatlong taon bago sila magpakasal. Pero sa sulok ng isip niya, hindi siya sigurado kung talaga bang kaya niyang i-give up ang kanyang propesyon alang-alang sa anim na taon na nilang relasyon ng nobyo.

Maramianghumahangasakanya—businessmen, politiko, artista at kung sino-sino pang may-sinasabi sa lipunan, pero loyal at faithful siya kay Jimmy. Kailanman ay hindi niya gagawing komplikado ang buhay pag-ibig niya.

Gaya noong bago siya magsimulang mag-jogging, stretching ang ginawa niya sa kanyang mga braso at binti bago pinaikot-ikot ang baywang bilang pagtatapos ng kanyang morning exercise. Hindi na niya kailangan pang umubos ng pera at mahabang panahon sa gym para ma-maintain ang vital statistics niyang 35-24-35 na kinaiinggitan ng marami. Bumalik na siya sa kanyang kuwarto at tuluy-tuloy na naligo.

Nang nakabihis at nakaayos na si Julia ay sinilip niya ang kanyang organizer. Nakalista sa petsa ngayon ang maghapon niyang schedule. Hindi pa man nagsisimula ang araw niya ay parang

nakakapagod na. Dahil Lunes ngayon, may taping siya para sa kanyang TV program na *Straight From A Woman's Heart*. Top-rating ang kanyang programa na tumatalakay sa mga usapin ng mga babaeng naagrabyado sa anumang paraan. Isang investigative program iyon kung saan nakikipag-ugnayan sila sa mga babaeng nagsusumbong sa kanila. Marami na silang na-solve na kaso ng pang-aabuso.

May extension ang programa ni Julia sa radyo pagsapit ng alas tres hanggang alas cinco ng hapon. Doon naman ay tumatanggap siya ng mga tawag at sumbong at on-the-air ay nagpapayo siya sa mga babaeng naaabuso. Karamihan ay battered girlfriends o housewives ang kanyang callers.

Kaakibat ng kanyang trabaho ay marami siyempre ang kanyang nasasagasaan kaya hindi iilan lamang ang prank calls na natanggap niya. It was part of her job. Hindi siya natatakot kahit may mga nananakot talaga. Pero para mapanatag ang mga magulang niya, pumayag na siyang magkaroon ng driver pero walang bodyguard. Hindi naman siya anak ng Presidente para magkaroon ng bodyguard. Isa pa, naniniwala siyang may guardian angel siya na nag-aalaga sa kanya.

Sa dinami-dami ng nakausap niya sa telepono,

halos ay iisa ang kanyang payo: Huwag paapi, ipaglaban ang karapatan bilang tao at bilang babae. Natural, ang mga nagagalit sa kanya ay ang mga tinatamaan sa kanyang pananalita.

Bitbit ang kanyang briefcase at shoulder bag, lumabas na si Julia sa kanyang kuwarto. Pagbaba sa komedor ay handa na ang kanyang almusal. Si Nanay Isidra, ang loyal nilang katulong magmula pa noong nasa elementarya siya, ang naghahanda ng kanyang pagkain. Sumubo lang siya ng kapirasong bacon at inubos ang hot chocolate na tinimpla nito at tumayo na.

"Iyon na lang ang kakainin mo?" tanong ng matanda. Sinundan siya nito sa paglalakad hanggang sa main door.

Nginitian lang niya ito. "Sa taping na lang ako kakain, 'Nay. Ready na ho ba si Atong?" tanong niya patungkol sa kanyang trusted driver.

"Kanina pa."

Naghihintay na nga si Atong sa garahe nang lumapit siya. Bago siya sumakay ay pinaalalahanan siya ni Nanay Isidra na mag-ingat siya. Alam nito ang tungkol sa mga threats na natatanggap niya at kahit sabihin niyang huwag itong mag-alala dahil

nananakot lamang ang mga iyon ay hindi pa rin nito mapigilan ang mag-alala.

Pati si Atong ay binibilinan nito sa tuwing aalis sila. Ang lalaki ay anak ng dati nilang family driver at dalawang taon na itong nagmamaneho para sa kanya. Ito na rin ang tagabitbit niya ng mga gamit kaya hindi na niya kailangan ng alalay.

Pagdating sa studio kung saan gaganapin ang taping ay kaagad siyang inayusan ng makeup artist. Iniabot sa kanya ng production staff ang script. Mayamaya ay kausap na siya ng direktor at binigyan ng ilang insights. Kapag kailangang sumama siya sa actual surveillance ng kaso ay sumasama siya. She wanted to have the feel of every story they would be airing.

Pagkatapos ng taping ay nagtungo si Julia sa isang natanguang function ng isang samahan ng kababaihan. Doon na siya nananghalian. Bandang alas dos ay nagtuloy naman siya sa book launching ng isang kaibigang writer. Five minutes before three ay humahangos na siya papasok sa booth para sa kanyang afternoon radio program. Hanggang alas cinco iyon pero may appointment pa siya mamayang alas siete ng gabi. She had agreed to do a commercial. Matagal na siyang nililigawan ng isang kaibigan na

may-ari ng isang advertising agency at sa wakas ay napilit na rin siya. Magpipirmahan na sila ng kontrata.

Palabas na siya sa istasyon nang tawagin siya ng production assistant. “Ma’am Julia, phone call po.”

“Sino daw, Tess?”

“Lalaki po, ayaw magpakilala. Importante raw po.”

Inabot niya ang receiver ng telepono mula rito. “Hello?”

“Julia Andrada?” Malagom ang boses ng lalaki.

“Yes? Who’s this?”

“You will be dead… Julia Andrada.”

Instantly ay napalunok siya. She had threats pero sa kauna-unahang pagkakataon ay siya mismo ang nakausap ng prank caller na gaya nito. Madalas ay nakatatanggap ng tawag ang staff niya pero hindi siya mismo. “Who’s this?” Pinalakas niya ang kanyang boses. Nakadama siya ng bahagyang takot. Iba pala ang pakiramdam kapag siya mismo ang nakatanggap ng threat.

“Pinatay ko na siya.”

"S-sino?"

"Si Perly."

Perly. "Sinong Perly?" Ginalugad niya sa kanyang utak kung may kilala siyang Perly. "Hoy, Mister! Kung sino ka man, tigilan mo ang pananakot mo. Hindi mo ako masisindak."

"Matapang ka talaga," anang lalaki saka nagpakawala ng maikling tawa. "Hindi mo na natatandaan si Perly? Siya ang asawa ko na pinayuhan mong hiwalayan ako. Mahal na mahal ko si Perly… 'tang 'na ka! Nakinig siya sa iyo. Iniwan niya ako. Pero walang ibang makikinabang sa kanya. Akin lang siya! Akin lang!"

Damn! Sa dinami-dami ng babaeng pinayuhan niyang hiwalayan ang asawa o boyfriend na abusado, hindi niya matandaan kung sinong Perly iyon. "Are you crazy? Kung totoo man na iniwan ka ni Perly, dapat lang siguro sa iyo 'yon. Hindi ka niya iiwan kung matino kang tao." Pilit niyang nilabanan ang nabubuhay na takot sa kanyang katauhan.

"Pinatay ko siya… ibinaon… at ikaw… ikaw, Julia Andrada, ang isusunod ko."

Magsasalita pa sana siya pero namatay na ang linya. Saka siya nakaramdam ng panlalamig ng

kamay at katawan.

"Ma'am? Sino 'yon, Ma'am?" tanong ni Tess.

Mabilis siyang umiling. "Isang taong walang magawa," sagot niya bago tumalikod. Nakakailang hakbang pa lang ay lumingon siya uli. "Tess… kapag may tumawag at ayaw magpakilala, huwag mong ipapakausap sa akin. Okay?"

"Yes, Ma'am."

Hindi maintindihan ni Julia kung bakit ngayon lang siya nakaramdam ng takot. Paano kung hindi pananakot lang ang pakay ng lalaking iyon? Paano kung totoo nga na may pinatay ito? At paano kung siya nga ang isusunod?

Napabilis ang hakbang niya patungo sa naka-park na kotse. Nakaabang na si Atong sa paglabas niya.

"Uwi muna tayo sa bahay, Atong... magpapalit lang ako ng damit 'tapos pupunta tayo sa *Shangri-La*. May dinner meeting ako ng alas siete." Palingon-lingon siya sa paligid. Bigla ay parang naging aware siya sa kapaligiran. Mabilis siyang pumasok sa hulihan ng kotse at isinara ang pinto niyon.

"Yes, Ma'am."

Habang tumatakbo ang sasakyan ay ibinalik niya sa alaala kung may nakausap siyang Perly. Karamihan sa callers niya ay nagtatago sa mga alias. Perly… Perly… Kahit anong gawin niyang pagpiga sa kanyang utak ay wala siyang maalalang caller na ganoon ang pangalan.

Hindi talaga siya mapanatag. Karamihan sa mga tumatawag sa kanya sa radyo ay kinukuha nila ang telepono at pangalan at lahat ng nai-feature nila sa telebisyon ay may records. She had to verify if the caller was telling the truth.

Kinabukasan ay kinuha niya lahat ang records ng mga featured stories ng kanilang show. Walang Perly na pangalan doon. Pagdating niya sa radio station ay hinagilap niya ang pinaka-latest na listahan ng mga tumawag sa kanya at nabigyan niya ng payo.

Walang Perly na nakasulat doon pero mayroong pangalang 'Perlita'. Kinilabutan siya. Baka si Perlita ang tinutukoy ng lalaking tumawag sa kanya kahapon. She received her call from the woman exactly two weeks ago. Mataman siyang nag-isip saka pilit na ibinalik sa alaala kung anong kaso mayroon si Perlita.

Na-recall niya ang problema nitong insanity ng asawa nito. Pinaghihinalaan daw itong may

kalaguyo. She was a battered wife. Dalawang beses na itong nakunan dahil sa pambubugbog ng asawa. Palipat-lipat sila ng tirahan dahil ayaw raw nitong manatili sa isang lugar sa pag-aakalang may lalaki ito. Ilang beses na raw itong nagtangkang hiwalayan ang asawa pero pinagbabantaang papatayin. Ang payo niya ay huwag matakot sa asawa nito. Na lumapit ito sa pulisya at ipa-blotter ang lalaki.

Sinabi pa niya na kung totoong baliw ang asawa nito ay dapat nitong isangguni sa kinauukulan para makapagpagamot. At kung hindi na nito kaya ang makisama pa sa sira-ulong kabiyak nito ay hiwalayan na ang lalaki at kumuha ng temporary restraining order mula sa korte para hindi ito malapitan ng asawa nito. Ibinigay pa niya ang telepono ng kilala niyang lawyer sa Public Attorney's Office. Ibinigay rin niya ang numero ng samahan ng kababaihan na inabuso para makahingi ito ng dagdag na kaalaman tungkol sa problema nito.

"Tess… paki-dial nga ang numerong ito," aniya sa PA, sabay abot sa papel na sinulatan niya ng numero ng teleponong ginamit ng caller na nagpakilalang 'Perlita'. "H-hanapin mo si Perlita."

Tumalima si Tess. Mayamaya ay lumingon ito sa kanya. "Ma'am, wala raw si Perlita." Tinakpan nito

ang mouthpiece. "Katulong itong kausap ko."

"Nasaan daw?"

"Apat na araw na raw pong hindi umuuwi."

Kinilabutan siya. Kaagad niyang inagaw kay Tess ang receiver. "N-nawawala ho si Perlita?" usisa niya sa taong nasa kabilang linya.

Malungkot ang boses ng babae. "Hindi na nga po ako mapalagay. Hindi ko naman po kilala ang mga kamag-anak ni Ate Perlita. S-sino po ba sila?"

"I-isang kaibigan. Ang… ang asawa niya?"

"Hindi na rin ho umuwi si Kuya magmula noong nawala si Ate Perlita. Tumawag lang ho dito at sinabing huwag na naming hintayin si Ate. Natatakot nga ho ako na baka may masamang nangyari sa kanya."

"A-ano'ng ibig mong sabihin?"

"Ayoko hong mag-isip ng masama, pero may kutob ako na… na baka may ginawang hindi maganda si Kuya kay Ate. Basta ho kasi nagising na lang ako noong isang umaga na wala na si Ate sa bahay. Umalis daw sabi ni Kuya." Ang mga sumunod na ikinuwento ng katulong ay lalong nagpataas ng balahibo ni Julia. Hindi raw nakakalabas ng bahay

si Perlita. Animo raw isa itong bilanggo sa piling ng asawa nito.

"A-ano'ng pangalan ng amo mong lalaki?"

"'Fred' lang po ang alam kong pangalan niya. Mag-iisang buwan pa lang naman po akong nagtatrabaho sa kanila. Kalilipat lang din namin dito. Pero sa loob ng panahong iyon, nakita ko ang paghihirap ni Ate Perlita sa asawa niya. Aalis na nga ako rito. Natatakot ako kay Kuya Fred."

Marami pa siyang gustong itanong sa kausap pero hindi na niya nagawa. Ibinaba na lang ni Julia ang receiver. Napaupo siya. Jesus! There might be an innocent victim who suffered death. Nilamon ng guilt ang kanyang konsyensya. If that was true, she was partly to be blamed of what had happened to Perly.

# 2

Tila bangungot para kay Julia ang sumunod na mga araw. Hindi na siya tinigilan ng lalaking tumawag sa kanya. She received threats on the phone. Pinadalhan na rin siya ng korona ng patay sa radio station maging sa studio kung saan siya palaging nagti-taping. Alam na nito ang bawat bagay tungkol sa kanya. Sa dinami-dami ng pananakot at pagbabantang natanggap niya, ito ang higit na nagpakaba sa kanya. Ilang araw nang may sumusunod na itim na kotse sa kanila ni Atong pero kaagad ding mawawala. She was beginning to get scared for her life. But she had to go on. Hindi siya maaaring magpatalo sa takot.

Nang malaman iyon ng management ng istasyon ay ito na mismo ang naglapit sa pulisya ng kanyang problema. Nang puntahan ng pulis ang address ni Perlita ay abo na lamang ng apartment ang nadatnan ng mga ito. Bigla na lang daw nasunog ang unit na iyon at nadamay ang mga karatig na units. Wala nang nakuha ni katiting na lead ang mga pulis.

Lalo pang naging aware si Julia sa kanyang paligid. May takot siyang nararamdaman, pero

ayaw niyang magpaapekto sa patuloy na pagtawag at pagpapadala ng kung anu-ano ng lalaking iyon. Minsan ay pinadalhan siya nito ng patay na daga na nakabalot sa puting kahon. Minsan naman ay may bala na nakabalot sa itim na panyo na iniwan sa hood ng kotse niya. Hindi niya magawang sabihin ang kanyang pinagdaraanan sa mga magulang niyang nasa Canada pa rin hanggang ngayon. Ayaw niyang pag-alalahanin pa ang mga ito. Hindi rin niya nababanggit kay Jimmy ang sitwasyon. Nasisiguro niyang pipilitin siya nitong mag-resign na at sumunod dito sa Australia.

Hindi niya puwedeng i-give up nang ganoon na lamang ang pinaghirapan niyang career dahil lang sa isang sira-ulong lalaki. Pasasaan ba't magsasawa rin ito sa pananakot. Ang hindi lang mawala sa isip niya ay ang posible ngang pagkamatay ng isang inosenteng babae dahil sa kabaliwan ng lalaking iyon. Wala namang magawa ang pulisya dahil nahaharap ang mga ito sa blank wall kung paano makikilala ang 'Fred' na asawa ni Perlita. Hindi raw ito pumirma ng kontrata sa inupahan nitong apartment at ayon sa mga kapitbahay, paiba-iba raw ang kotseng ginagamit nito. Description lang na matangkad ito at mestizo ang naibigay ng mga iyon sa pulisya. Palagi raw itong naka-shades at sumbrero

kapag lumalabas. Minsan daw ay may suot na wig. Hindi na rin mahagilap ang katulong na nakausap niya sa telepono. Pero nagbilin siya sa pulisya na kung sakaling may mababalitaan ang mga ito tungkol sa pagkawala ni Perlita ay ipagbigay-alam kaagad sa kanya.

Ang takot ni Julia ay nagkatotoo nang isang hapong lumabas siya sa istayon ng radyo ay may bumaril sa kanya. Mabuti na lamang at hindi siya napuruhan. Nadaplisan lamang siya sa kaliwang braso. Masuwerte na bigla siyang yumuko kaya hindi siya naasinta ng killer.

Hindi na maaaring ilihim ang lahat dahil napanood ng mga magulang at kapatid niya sa Canada ang nangyari sa kanya sa *TFC*. Bumalik kaagad ang mga ito mula sa Canada kahit hindi pa tapos ang hinihintay na binyagan ng kanyang pamangkin. Pati si Jimmy ay nag-alala. Hindi nga lang makauwi ito dahil sa importanteng proyekto na hindi maiwan.

"You resign from your job immediately," anito nang nakausap niya sa telepono.

"Sweetheart, I can't quit just like that. I love what I'm doing."

"Julia, your job almost cost your life. Kung mahal mo ako, magri-resign ka at magpapakasal na tayo."

"I told you to give me two to three more years," pagpapaalala niya.

"I can't understand you. Mabubuhay tayo nang maginhawa dito sa Australia."

"But this is the life I have been dreaming of since I was a child, Jimmy," pilit ni Julia. "Besides, ginagawa namang lahat ng pulis ang paraan para mahuli ang gumawa sa akin nito. Hindi ako pababayaan ng management."

"I understand. Basta ipangako mo sa akin na mag-iingat ka. I'm sorry if I couldn't visit you now, but I promise to be there in three months' time."

Pagkatapos nilang mag-usap ni Jimmy ay ang mga magulang naman niya ang nangulit sa kanya. Sina Nelson at Elena Andrada ay takot na takot sa maaaring sumunod na mangyari pa sa kanya.

"Kung talagang ayaw mong papigil sa pagtatrabaho mo, kailangang pumayag ka nang magkaroon ng bodyguard," sabi ni Mr. Andrada. Araw iyon ng paglabas niya sa ospital.

"All right, Dad. Iyan din ang in-insist ni Vince sa

akin," sagot niya. Si Vince Avila ay ang may-ari ng Channel 3.

Si Elena ay hindi mapigil ang pag-aalala. "My God, Julia! Daig mo pa ang lalaki sa tapang. Baka sa susunod, mapuruhan ka na. Ikamamatay ko 'yon, anak."

"Mommy, don't worry. Hindi sila titigil hangga't hindi nahuhuli ang lalaking 'yon."

"At paano kung bago siya mahuli ay may mangyari nang masama sa iyo?"

Ang daddy niya ang sumaway sa kanyang ina. "Stop talking like that to your daughter, Mommy. Parang hindi mo kilala kung gaano ka-stubborn ang anak nating 'yan. She will insist on what she feels like doing."

Napangiti na lang ang dalaga. Bagaman may takot pa rin siyang nararamdaman, medyo kampante na siya. May itinalaga ang pulisya na magbabantay sa bahay nila. Ngayon pa nga lang ay may back-up na siya sa pag-uwi. Bukas ay magkakaroon na siya ng bodyguard, na mismong si Vince ang nag-hire para sa kanya.

Wala siyang magagawa kundi sumunod. Her life was in danger. Takot din siyang mamatay.

Nang gabing iyon ay hindi rin siya pinatulog ng pag-aalala. Hindi pa rin mawala sa isip niya si Perly. Hangga't hindi nahuhuli ang asawa nito, hindi mabibigyang-katarungan ang pagkamatay nito, kung patay na nga ito. Hindi rin siya mapapanatag dahil nasa panganib din ang kanyang buhay.

Alas ocho ng umaga kinabukasan ay kumatok si Nanay Isidra sa kuwarto niya. Ipinagbigay-alam nito sa kanya na dumating ang boss niya kasama ang isang matipunong lalaki. Sinabi niya rito na patuluyin ang dalawa sa study at bigyan ng maiinom. Alam niyang maagang umalis ang mga magulang niya ngayon dahil may dadaluhang kasal ang mga ito. Sinilip lang siya ng mga ito sa kuwarto kanina.

Nang magtungo si Julia sa study pagkatapos magbihis ay napatda siya sa nakita. "I-ikaw?" She almost failed to recognize him because it had been more than a decade since she last saw him. Of all people, she never expected to see Drigo—her first love. Kasabay ng pagkabigla ay ang bahagyang pagkislot ng kanyang puso, bagay na kaagad niyang sinaway. To date, dalawa lamang ang naging boyfriend niya—si Drigo noong second year high school pa lang siya at si Jimmy nga. Ang naging relasyon niya kay Drigo ay hindi niya masasabing seryoso, pero dinamdam niya ang kanilang

paghihiwalay. She least expected to see him right now. At diyata't ito ang magiging bodyguard niya? Malaki ang ipinagbago nito sa pangangatawan, pero taglay pa rin ang kaguwapuhang hinangaan niya noon.

Nakatingin nang derecho sa kanya ang dating kasintahan. Hindi ito nakangiti pero parang nakangiti ang seryosong mga mata. "Ako nga."

May pagtataka sa mukha ni Vince, palipat-lipat na tumingin sa kanilang dalawa. "You know each other?"

Si Drigo ang sumagot, "We were schoolmates. High school kami nagkakilala."

Napakunot ang noo nito. "Oh, yeah? You didn't tell me."

"Wala akong chance na magkuwento. Kagabi ko rin lang nalaman na si... si Miss Andrada ang kliyente ko," anang binata na nakatingin pa rin sa kanya.

Pinigil ni Julia ang mapahinga nang malalim. Gusto niyang pagalitan ang sarili kung bakit bumibilis ang tibok ng kanyang puso sa presence ni Drigo. "Don't tell me na… na siya ang magiging bodyguard ko?" aniya kahit sa isip ay sigurado ang

sagot sa kanyang tanong. Sinadya niyang kay Vince tumingin. Nagulat siya na hindi nagkuwento si Drigo sa kanyang boss tungkol sa past nila gayong alam na nito na siya ang bibigyan ng proteksyon.

Nagpaliwanag si Vince, “Drigo is the owner of the security agency. He’s supposed to assign the best for you kaya lang ay nagkaroon ng problema kaya nagprisinta na lang siya na for the meantime ay siya muna ang maging bodyguard mo which I guess is better kasi magkakilala na pala kayo. And as far as I know, si Drigo talaga ang pinakamagaling dahil siya ang nag-train sa mahuhusay na tauhan niya. He also works for the NBI.”

“V-Vince… kasi…”

“What’s wrong? I believe na magiging mas okay ang lahat kasi dati na pala kayong magkakilala.”

Hindi na niya napigilan ang paghugot ng buntong-hininga. Paano ba niya sasabihin kay Vince na hindi siya magiging kampante kung si Drigo ang magbabantay sa kanya? Paano ba niya ipapaliwanag na may nakaraan sila? Pati mga magulang niya, hindi nakilala ang lalaki noong panahong nagkaroon sila ng short-lived love affair. She was only fifteen then. Hindi pa siya pinapayagan ng daddy niya na makipag-boyfriend kaya inilihim niya sa mga ito ang relasyon

niya kay Drigo. Saka na lang niya ipinagtapat sa mga ito ang tungkol sa pagsisinungaling niya nang nag-break na sila. Ni hindi na nga niya nabanggit ang pangalan ni Drigo sa mga ito.

"Huwag kang mag-alala, Miss Andrada," narinig niyang sabi ni Drigo. "Kapag bumalik si Morales, siya ang magiging bodyguard mo. I can't do the job for a long time. Marami rin akong inaasikaso." Marahil ay napansin nito ang hesitation sa kanyang mukha.

Sinulyapan niya ang lalaki. Hindi pa rin ito nagbabago; may pagkaseryoso pa ring magsalita. But she should say he changed a lot physically. Matangkad na ito noon pero mas matangkad ngayon. Marahil ay humigit-kumulang anim na talampakan ang taas nito. His shoulders were broader than before. And God… mas gumuwapo ito! "G-gaano katagal? I mean… kailan ang balik ng sinasabi mong Morales?"

Sasagot sana ang binata pero si Vince ang sumagot, "Kung ako ang tatanungin, mas panatag ako na ikaw ang bodyguard ni Julia kaysa kung sino mang Morales 'yon. Kalimutan mo muna ang trabaho mo sa *NBI*." Nilingon siya nito. "Julia, you're in good hands with Drigo. He is my close friend and I can count on him. He was once an officer of

the *Presidential Security Group* before he ended up owning his agency and he is one of the best agents the *NBI* has," maikling paliwanag nito. "Ang mabuti pa'y iwan ko muna kayo para ma-brief kang mabuti ni Drigo kung ano'ng mga dapat mong gawin. He discussed some things with me while we were in the car kaya lang kanina pa ako nakakaramdam ng tawag ng kalikasan. I need to go to the bathroon," anito.

"Sa labas, papuntang kusina, naroon ang CR," aniya.

"Thanks." Nilingon nito si Drigo. "I'll be back in a while. Kausapin mong mabuti si Julia. May pagka-stubborn 'yan. Baka daigin pa niya ang anak ng Presidente sa hirap bantayan."

Hindi maintindihan ni Julia kung anong pakiramdam ang sumalakay sa kanya nang mapagsolo sila ni Drigo sa loob ng study. The awkwardness she was feeling now was inexplainable. Gumilid siya para maupo sa swivel chair. She felt she needed to sit down. Pakiramdam kasi niya ay masusing inoobserbahan ni Drigo ang kanyang kabuuan habang nakatayo siya sa harap nito. May sling pa ang braso niya.

Nakatayo pa rin ito. "How are you?" biglang

tanong nito.

Napaangat ang tingin niya. “Eto… nakaligtas naman. Hindi ko pa siguro oras.”

Naupo ito sa guest chair sa harap ng desk. “It’s been quite a while. I didn’t expect na magkikita tayo uli.”

Habang tumatagal ay palakas nang palakas ang kabog ng dibdib ni Julia. “Me too.”

“I always watch your program, though.”

Nagulat siya sa sinabi nito. Minsan ay pumapasok sa isip niya ang tanong kung pinapanood kaya siya ni Drigo sa telebisyon. He was her first love. Ito ang nagparamdam sa kanya ng unang kilig kaya hindi maiwasang maisip niya ito paminsan-minsan at kapag nangyayari ang gayon, hindi niya mapigilang mapangiti. “T-thank you. Akala ko, mga babae lang ang nanonood sa program ko. Kadalasan kasi, tinitira ko ang mga lalaki.”

“Hindi naman ako guilty sa paninira mo sa mga sira-ulong lalaki.”

Pinilit niyang magpakawala ng maikling tawa para mawala ang tensyong namumuo sa kanyang dibdib. Nagsasalimbayan sa kanyang utak ang

nakaraan nila noong high school. She was a sophomore then; Drigo was in his senior year. Pareho silang campus figure. Siya bilang beauty and brains habang ang binata ay CAT corps commander at heartthrob. “Good. Mabuti naman at mabait ka sa asawa mo.”

“I have no wife yet.”

“G-girlfriend?” Sinundan niya kaagad ang sinabi dahil baka mabigyan nito ng ibang kahulugan. “Mabuti at mabait ka sa girlfriend mo.”

“I… I guess so. Naniniwala ako sa kasabihang ang mga babae, dapat inaalagaan at minamahal. Hindi sinasaktan.”

Napalunok si Julia. May girlfriend nga. Ano ba ang dapat niyang asahan? He was of age and very handsome. Kung noon ay kinababaliwan ito ng mga babae at bading sa school, nasisiguro niyang mas maraming humahanga kay Drigo ngayon. Alangan namang wala itong girlfriend? Naiilang siya. Nakatingin kasi ito nang derecho sa mga mata niya. Gusto niyang magsalita nang magsalita para mawala ang awkwardness sa pagitan nila pero nangangapa siya sa sasabihin.

“S-sabi ni Vince, dati kang *PSG*. Bakit ka umalis?”

nais niyang malaman.

“Mahabang kuwento. I decided to put up my own agency and at the same time work in the *NBI*. Ito naman talaga ang gusto ko noon pa.”

“T-that’s good.”

“Sikat na sikat ka na.” Derecho pa rin ang tingin nito sa mga mata niya.

Nagbibigay ng kilabot sa kanya ang tinging iyon. “Akala mo lang ‘yon.” Teka… bakit ganoon ang usapan nila? Dapat ay pinag-uusapan nila ang mga bagay tungkol sa gagawin nitong trabaho sa kanya. “What are the plans? I mean… hindi ako sanay na may bodyguard.” Gusto niyang maging pormal ang pag-uusap nila at hindi personal. “Actually, I… I don’t want a bodyguard kaya lang… kailangan.”

Nakita ni Julia ang pagbuntong-hininga ng kausap. “Mahirap ang sitwasyon mo. Hindi natin kilala ang nagbabanta sa iyo. We have no lead except for a name ‘Fred’ na matangkad at mestizo. The way I see it, he has the resources. He keeps on changing his looks and his cars kaya kailangan ang round-the-clock na pag-iingat.”

“Hanggang kailan?”

"Hanggang sa mahuli si Fred… kung sino man siya."

"P-paano kung hindi?"

Tinitigan siya nito. "Don't worry. Kaya nga ako narito para… para protektahan ka. Iyan ang trabaho ko."

"You mean, twenty-fours hours seven times a week kang… kasama ko?" Silly question but she had something to ask.

Tumango ito. "And I suggested to Vince and to your parents na nakausap ko na kanina bago sila umalis na habang hindi ka pa puwedeng pumasok sa trabaho at nagpapagaling ka pa ay lumayo ka muna dito. Tumatawag pa rin daw sa station n'yo si Fred. Sa susunod daw, sisiguraduhin na niyang hindi ka makakaligtas."

Nanghilakbot si Julia. "Oh, my God!" Ngayong may nangyari na sa kanya, naisip niyang inevitable nga na maganap ang gayon.

"I will never allow that to happen," sabi ni Drigo. "And to prevent the worse scenario, you might as well go to a place na hindi ka masusundan ni Fred. While the manhunt is ongoing, you shall stay in a safe place. The *NBI* is in with the case. Sa pagsasanib-

puwersa ng *NBI* at pulis, madaling mahuhuli ang lalaking ‘yon.”

“S-saan tayo pupunta?”

“There’s a place that Vince suggested. Sa resthouse niya.”

Hindi alam ng dalaga kung bakit kapos siya sa pagbitaw ng mga salita. She just let Drigo did the talking. At habang nagsasalita ito ay bumalik sa kanyang alaala ang nakaraan nilang ‘batang pag-ibig’.

Nasira ang relasyon nila dahil sa paninira sa kanya ng isang kabarkada kay Drigo. Gumawa ito ng kuwento na two-timer daw siya at may ibang boyfriend. It turned out na may gusto pala ang dating kaibigan niya rito.

May pagkaseryoso at istrikto ang binata. Palibhasa’y mas matanda ito nang dalawang taon sa kanya. Siya naman, likas na ma-PR at palakaibigan. Nang minsang nagkasabay sila ng pinagseselosan nitong lalaki, na nagkataon pang napahawak sa kanyang kamay dahil inaalalayan siya sa pagtawid, inisip nitong totoo nga ang paninira ng kaibigan niya. The story worsened when he was given a photo of her and the guy na parang naghahalikan

sila. Hindi niya alam kung paano nangyari na may litrato silang ganoon. Basta natandaan niya minsan na napuwing siya at hinipan ng lalaki ang kanyang mata.

Huli na nang napagtanto niyang marami ang naiinggit sa kanya at ang kaibigan nga niyang may lihim na gusto kay Drigo ay pinilit sirain ang relasyon nila. Nagpaliwanag siya sa nobyo. Hindi ito kaagad naniwala. Hindi siya ang tipo ng babaeng magmamakaawa. Pareho silang mataas ang pride kaya hanggang sa naka-graduate si Drigo ay hindi na sila nagkabalikan.

Matangkad si Drigo, malaki ang katawan at ubod ng guwapo. Walang babae at bading sa eskuwelahan na hindi nababaliw sa kaguwapuhan nito. Gayunpaman, may pagka-possessive at seloso ito marahil nga ay dahil marami ang nararahuyo kay Julia nang mga panahong iyon.

Bagaman apat na buwan lang ang kanilang relasyon, dinamdam niya ang paghihiwalay nila. He was her first love and her first kiss.

Napasulyap siya kay Drigo nang maalala ang unang date nila. They went to a mall. Nag-aalala pa siya noon na baka may makakita sa kanila dahil bawal pa siyang makipag-boyfriend.

*"Let's watch a movie," anito.*

*"H-ha?"*

*Pinisil nito ang kamay niya. "It's our first monthsary and our first date. Para naman memorable."*

Sumama naman siya. Iyon ang kauna-unahan niyang pagpasok sa loob ng sinehan na hindi ang pamilya niya ang kasama o mga kaibigan at kabarkada.

Sa loob ng sinehan ay sobrang lakas ng kabog ng kanyang dibdib. Hindi binibitiwan ni Drigo ang kamay niya. Hinahaplos ng palad nito ang likod ng kamay niya. Mayamaya ay kinabig nito ang kanyang ulo at isinandig sa balikat nito. The feeling was so warm. Then, he kissed the back of her palm.

Abot-abot ang kaba niya. Pakiramdam niya ay nasa lalamunan ang pintig ng kanyang puso. Napaangat ang tingin niya rito. Nakatingin ito sa kanya.

"I love you," bulong nito habang nakatitig sa kanya.

Ngumiti siya. "I... I love you too." She meant it. She might be very young, but she knew deep inside her heart that she loved him. Kahit nga ayaw ng

parents niya na makipag-boyfriend siya at a very young age ay sinagot niya ito. Sa dinami-dami ng nanligaw sa kanya ay ito ang nagpatibok sa kanyang puso.

Inilapit nito ang bibig sa kanyang tainga. "I... I want to kiss you."

Mas tumindi ang kilabot ni Julia. Hindi na siya nakaiwas nang ilapit ni Drigo ang labi nito sa labi niya. The kiss was very light but it brought a tingling sensation along her veins. Nang bahagya nitong laliman ang paghalik ay kinabahan siya lalo. Itinulak niya ito.

Lumayo naman ang binata. Nakangiti ito. "I love you," ulit nito.

Ngumiti rin siya. "M-maganda ang palabas. Let's just watch."

"Okay."

That was a very unforgettable date—but it was their first and last. Nagkalabuan na nga sila hanggang sa nagkahiwalay. Lumipat sila ng bahay kaya wala na siyang nabalitaan pa tungkol kay Drigo. Basta ang alam niya, gusto nitong magtapos ng kursong Criminology o pumasok sa *Philippine Military Academy*. Hindi niya alam kung alin ang

natupad sa pangarap nito.

"You need to prepare your things," pukaw ng tinig ni Drigo na nakapagpabalik ng isip niya sa kasalukuyan.

Napasulyap siya rito. Naabala ng kung anu-anong isipin ang utak niya. "N-ngayon na?"

"Yes."

"Pa'no sina Mommy at Daddy? Hindi ko pa sila nakausap."

"You can talk to them over the phone. Sa pagkaintindi ko sa pag-uusap namin kanina, gusto nilang makaalis ka rito as soon as possible. Sinabi rin nila na bahala na ako sa iyo dahil matigas daw ang ulo mo. Tawagan mo na lang sila kapag nasa safehouse na tayo."

Hindi niya napigilan ang sariling mapangiti.

"They… they don't know me. I mean… they did not know about us… before."

Kinilabutan siya sa sinabi nito. "H-ha?"

"Never mind. Bata ka pa noon. Ni ayaw mo ngang papuntahin ako sa bahay ninyo noon. Maybe it meant nothing for you."

Napatungo ang dalaga. Isa ang bagay na iyon sa pinagtatalunan nila ni Drigo noon. Gusto nitong magpunta sa bahay nila para pormal na dumalaw sa kanya pero ayaw niya. Istrikto ang daddy niya. Ayaw na ayaw nitong magpaligaw siya sa murang edad. Stubborn as she was, hindi niya sinunod ang kanyang ama. Nakipagrelasyon nga siya kay Drigo.

Nagpasalamat siya nang bumalik si Vince. Sobrang awkwardness na ang namamahay sa kanyang sarili sa pag-uusap nila ng ex-boyfriend.

Pinag-usapan nilang tatlo ang ilan pang detalye ng pag-alis nila. Siniguro ni Vince na magiging confidential ang lahat. May ilang advanced tapings naman sila ng episodes ng TV show ni Julia kaya wala raw silang poproblemahin. Si Vince na raw ang bahala sa radio program niya. Puwede silang mag-phone patch na lamang para hindi siya ma-miss ng kanyang mga tagapakinig. Ang nakatakdang pag-shoot ng natanguan niyang commercial sa shampoo ay pansamantala munang masi-shelve.

Maraming press people ang humihingi ng interview sa kanya, pero ayaw ni Drigo na magpa-interview siya. The more she was exposed, the more she would be in danger.

Tinulungan siya ni Nanay Isidra sa paghahanda

ng kanyang mga gamit habang kinakausap ng dalawang lalaki ang mga pulis sa labas.

Tinawagan niya sa cellphone ang mga magulang niya bago sila umalis. Sinabi ng daddy niya na mas mapapanatag daw ang mga ito na malayo siya sa siyudad. Panatag daw ang mga ito sa plano ni Vince at mukhang maaasahan ang napili nitong bodyguard niya. Walang kaalam-alam ang mga ito na may naging kaugnayan sila ni Drigo.

Ang akala ni Julia ay kasama nilang aalis ang driver niyang si Atong pero hindi pala. Si Drigo mismo ang nagmaneho ng *Ford Expedition* pick-up nito. Tatlong kotse ang umalis nang sabay-sabay—si Atong, si Vince at sila ni Drigo sa kotse nito.

Naiwan pa rin ang mga pulis sa bahay nila.

“Siguradong hindi lalayo ang nagbabanta sa iyo. Ililigaw natin siya. Lilituhin. The policemen will stay in your house for a few more days para hindi akalain ng kung sino mang sira-ulo na nagbabanta sa iyo na wala ka na sa bahay,” paliwanag nito nang malayo-layo na sila.

“P-paano kung… kung sundan niya si Atong ‘tapos…”

“Sinabihan ko na siya kung ano’ng gagawin

kung sakali. Kinuha ko ang cellphone number niya." Kinuha nito ang cellphone sa dashboard at nag-dial. "Atong… kumusta? Really? So, wala na ngayon? Sige, puwede ka nang bumalik sa bahay."

Binalingan nito ang dalaga. "May sumunod nga sa kanyang kotse paglabas ng subdivision. S'abi ko sa kanya, buksan niya lahat ng bintana kapag napansin niyang may sumusunod sa kanya para malaman na walang nakasakay… na wala ka roon."

Ang lakas ng kabog ng kanyang dibdib. "My God! Hindi talaga titigil ang gagong 'yon."

"Yeah, right." Nilingon siya nito.

"Hindi kaya balingan niya ang parents ko… o si Atong?"

"Ikaw ang kailangan niya. Ikaw ang pilit na hahanapin ng gagong 'yon."

Napahalukipkip siya.

"Don't be scared. Hindi kita pababayaan."

Napalingon si Julia rito. Nakita niyang seryosong nakatingin sa kanya ang mga mata nito. He had the same expressive eyes that used to look lovingly at her. His lips were still the same. Labing minsan nang dumampi sa kanyang mga labi. Bahagya niyang

ipinilig ang kanyang ulo.

Ipinasya niyang ibaling na lang ang atensyon sa labas ng bintana ng kotse. Nagpasalamat siyang hindi na siya muling kinausap ni Drigo.

# 3

Sa isang malawak na farm sa Alfonso, Cavite ang kanilang pinuntahan. Nang umibis ang dalaga sa kotse ay inalalayan siya ni Drigo. Pagdampi pa lang ng kamay nito sa braso niya ay para na siyang napaso. Hindi naman nakadikit ang katawan nito sa kanya, pero para bang nag-radiate ang hunab nito patungo sa kanya. Kaagad niyang binawi ang kanyang braso. She didn't want the way she felt. Nakadama siya ng guilt para kay Jimmy.

Suminghap si Julia para mawala ang bahagyang paninikip ng kanyang dibdib. Napakaganda ng kapaligiran. Ang dalawang palapag na resthouse ay nasa kalagitnaan ng taniman ng pinya. Nagkalat ang napakaraming iba't ibang punong-kahoy. Hitik sa bunga ang isang malaking punong mangga sa gawing kaliwa. Sa kanang bahagi naman ay may mahabang hilera ng puno ng papaya na lahat ay hitik din sa bunga, may orange at dilaw.

"You like the place?"

Napapitlag siya nang marinig mula sa likuran ang tinig ng bodyguard. "M-maganda," aniya pero hindi siya lumingon.

"Hindi ka pa na-invite ni Vince rito?"

Napilitan na siyang lumingon pero kaagad din niyang binawi ang tingin. "Minsan nabanggit niya sa akin na kung gusto kong mag-unwind, isasama niya ako resthouse niya. I didn't expect how beautiful this is." Humakbang siya palayo rito. It was not the house per se that was beautiful. It was the surrounding that was engulfing her. Palibhasa'y malapit iyon sa Tagaytay kaya malamig na malamig ang simoy ng hangin.

Naramdaman niyang sumunod ito sa kanya. "I've been here three times already."

Sinulyapan niya ito saglit bago itinuon ang mga mata sa lupa. "R-really?" Hindi niya maintindihan kung bakit sa kabila ng awkwardness ay may gaan sa puso siyang nararamdaman sa oras na iyon.

"I've learned to love this place kaya nga naengganyo na akong bilhin ang bahaging iyon." Itinuro nito ang kaibayong farm. May fence na kawayan na nakapalibot sa malawak ding lupain. Marami na ring tanim pero maliliit pa ang mga punong-kahoy.

"Sa iyo 'yon?"

Ngumiti ito. "Maliit lang 'yon. Hindi kagaya

nitong kay Vince. It will take time siguro bago ko pa mapaganda at mapatayuan ng bahay."

He amazed her. Ganoon pa rin si Drigo. May pagka-low profile. Alam niyang hindi mayaman ang pamilya nito pero hindi rin naman mahirap. She was happy that he had reached his dreams. Hindi nga lang niya maisatinig ang gusto niya sanang sabihin. Iniba na lang niya ang usapan para mawala ang pagkailang niya. "Sino'ng tao rito? I mean… sino'ng makakasama natin?"

"Wala."

Nagulat siya. "W-wala?"

"Sabi ni Vince, three times a week kung pumunta rito ang caretaker niya. Hindi naman daw harvest season. Maliliit pa ang pinya. Ibinigay niya sa akin ang cellphone number ng caretaker para kung may kailangan tayo, pupunta na lang dito."

Napatingin siya sa resthouse. Malaki iyon; gawa sa tabla at kawayan ang ikalawang palapag. Isipin pa lang na mapapapagsolo sila roon ng dating katipan ay kinikilabutan na siya. Nang lingunin niya uli si Drigo ay nakatingin ito sa kanya.

"Kukunin ko lang ang mga gamit natin sa kotse," anito.

Napatango na lang siya. Nauna na siyang naglakad patungo sa bahay. Umakyat siya sa hagdanang kawayan at nagmasid sa balkonaheng yari rin sa tabla at kawayan. Mula roon ay kitang-kita niya si Drigo. Bale-wala rito ang pagbitbit ng mga gamit niya. She had two luggages and a laptop bag. Ito naman ay isang backpack ang dala at isa pang mahabang bag na alam niyang baril ang laman.

He seemed like a walking Greek god. Bakat sa suot nitong round neck white shirt ang matipuno nitong katawan. Pati ang mga hita nito ay halos mamutok sa suot nitong faded maong jeans. Nakabakat sa baywang nito ang nakasuksok na baril. Julia felt secure and safe.

Nang paakyat na ito sa hagdanan ay inilayo niya ang kanyang paningin. Hinayaan niya itong buksan ang pinto sa pamamagitan ng dala nitong susi.

"P'asok ka na," anito.

Saka siya lumingon. Pinipigilan niya ang abnormal na pintig ng kanyang puso. Bakit ganoon ang kanyang nararamdaman? Bakit naroon pa rin ang atraksyon niya kay Drigo sa kabila ng mahabang panahong lumipas? Ipinilig niya ang kanyang ulo nang makapasok na sa loob ng bahay.

Dalawa ang kuwarto sa resthouse. Itinuloy nito ang gamit niya sa isang kuwarto. Hindi siya sumunod dito. Mas lalo siyang maiilang kung magkakasama sila sa loob niyon.

"That is the bigger room. Kapag nagpupunta ako rito, 'yan ang ipinapagamit ni Vince sa akin," anito nang lumabas mula sa silid.

"D-diyan ka na lang. I'll use the other room," aniya.

Umiling ito. "No. I'll stay here in the living room."

"H-ha? Bakit?"

"Bodyguard mo ako. Kapag nasa kuwarto ako, baka mapasarap ang tulog ko. Mas mabuti na dito lang ako para mabantayan kita nang husto," nakangiti nitong sabi.

"Hindi naman ako masusundan ni… ni Fred dito, di ba?"

"Mabuti na ang nakakasiguro. We are not sure kung gaano siya kadelikado."

Muli ay gumapang ang takot sa kanyang kaibuturan nang naisip kung ano ang maaaring ginawa ni Fred sa asawa nitong si Perly.

"Gusto mong pumasyal sa Tagaytay? Malapit lang 'yon dito. Doon na rin tayo mag-lunch," mayamaya ay untag ni Drigo.

Kumislot ang kanyang puso sa narinig. Pinilit niyang magbiro. "Akala ko ba magtatago ako rito? Bakit mamamasyal?"

Tumawa ito. "Kasama mo naman ako. Hindi ka ba nagugutom?"

Mas lumalakas ang pintig ng puso niya kapag nakangiti o nakatawa ang lalaki. "Gutom na nga ako, eh."

"All right, let's go. 'Tapos bumili na rin tayo ng ibang kailangan natin."

Namalayan na lamang ni Julia ang sarili na nakasakay na uli sa kotse ni Drigo. She was enjoying the view from outside the window. And at the same time she was enjoying the feeling in her heart. Mas panatag na siya ngayong makipag-usap sa binata.

PIGIL NA PIGIL NI DRIGO ang sarili na sulyapan palagi si Julia. He never imagined being with her again. She had changed a lot. Kung noon ay magandang-maganda na ito para sa kanya, triple

ang kagandahan nito ngayon. Para itong isang diyosa.

Si Julia ang kanyang first girlfriend. He was very proud when they were together. Maraming nainggit sa kanya dahil alam niyang maraming nanliligaw rito sa eskuwelahan. He admitted he was the jealous type. Paano naman, masyadong maraming lalaki ang lumalapit at nagkakainteres sa kanyang nobya. Gusto niya noon na ipakilala siya ni Julia sa parents nito, pero ayaw nito dahil masyado pa raw itong bata. Being young and stubborn then, he thought she was not serious with their relationship. Mas lalo pa siyang nagselos nang pakitaan siya ng larawan nito at ng isang lalaking alam niyang may gusto rito. Gusto niyang magwala nang mga panahong iyon. Gusto niyang suntukin ang lalaking kasama ni Julia sa larawan. When he confronted her, nagalit ito sa kanya dahil wala raw siyang tiwala rito. Nakipag-break ito sa kanya.

Gustuhin man niyang makipagbalikan, hindi na niya nagawa. Besides, mas dumami pa ang mga karibal niya rito. He came from a middle-class family. Mayayaman ang mga nagkakagusto kay Julia. Naisip niya, hindi bagay ang katayuan nila sa buhay.

Nang nakatapos siya ng high school ay

bumabalik-balik pa rin siya sa eskuwelahan na iyon pero hindi siya nagpapakita kay Julia. Mula sa malayo ay pinapanood niya ito, at sa tuwing makikita niyang may kausap o kasama itong lalaki, parang sinasaksak ang kanyang puso.

Para hindi na siya masaktan, pinigilan na lamang niya ang sariling bumalik pa roon. Ibinaling niya ang kanyang atensyon sa ibang babae, pero palagi pa ring umuukilkil sa utak niya si Julia.

Hanggang sa lumipas ang mga taon at nakita niya ito sa telebisyon bilang field reporter. Sinubaybayan niya ito hanggang sa magkaroon ito ng sariling TV program. Ultimong mga write-ups tungkol kay Julia ay wala siyang pinapalagpas. Hindi nga niya mapaniwalaan ang selos na naramdaman nang nakita minsan sa diyaryo ang isang artikulo tungkol sa dalaga at sa nobyo nitong nagbakasyon mula sa Australia. Um-attend ng kasal ng isang celebrity ang mga ito at nalathala iyon sa lifestyle section ng broadsheet.

Matagal na niyang kaibigan at kakilala si Vince, pero ni minsan ay hindi niya binanggit dito na nagkaroon sila ng kaugnayan ni Julia noon kahit alam niya na ito ang boss ng babae. Maraming beses na rin na pinigilan niya ang sarili na puntahan ito sa

TV at radio station.

Ano naman ang dahilan niya para magpakita pa sa dating kasintahan? She was more than happy with her love life and career now. At siya? Siya man ay mayroon ding karelasyon. Ang girlfriend niya ng dalawang taon na—si Sonja—ay umaasa na aalukin na niya ito ng kasal sa malao't madali.

Ngayong nakita niya uli si Julia nang harap-harapan, kaagad siyang nakadama ng pagkaligalig. Hindi niya alam kung dapat ba niyang pagsisihan ang pagtanggap sa trabahong iyon.

Available naman ang pinakamahusay niyang tao na si Alvin Morales, pero ano't iginiit niya ang sarili para personal na bantayan si Julia Andrada?

Sonja didn't know anything about his past with Julia. Sinuman sa mga kakilala niya ay walang nakakaalam na nagkaroon ng kaugnayan sa kanya ang sikat na TV host maliban sa mga kaibigan niya noong high school.

Nang sinabi niya sa nobya na kailangan niyang maging bodyguard ng isang VIP ay pinilit siya nito ng aminin kung sino ang babantayan niya.

"Si Julia Andrada?" nanlalaki ang mga matang tanong nito. "Baka kung saan makarating ang body-

bodyguard na 'yan, ha?"

Sanay na siya sa pagseselos ni Sonja. And he was also tired of her nagging. Sa totoo lang, pati ang kanyang mga magulang at kapatid ay malayo ang loob sa babae. Tingin daw kasi ng mga ito ay gusto siyang hawakan nito sa leeg. Being a gentleman that he was, he had always been understanding. Hindi sila tatagal ng dalawang taon kung hindi niya ito mahal, pero sa sulok ng kanyang puso, alam niyang may kulang. Hungkag ang kanyang nararamdaman sa tuwing kasama ito.

Hindi lang naman si Sonja ang naging karelasyon niya pero sa lahat ng relasyon niyang nagdaan, palaging hungkag ang kanyang pakiramdam. May maliit na bahagi ng kanyang puso na para bang umaasa na isang araw ay muling magkukrus ang landas nila ni Julia.

Pero nagkrus nga ang mga landas nila ngayon, mas lalo namang maraming sagabal sa kanilang dalawa. Kung mahirap itong abutin noon, mas malayo ngayon. Alam niyang may karelasyon na ito at siya naman ay ganoon din.

Napasulyap siya uli sa katabi. He was wearing his dark glasses subalit malinaw na malinaw sa kanyang paningin ang kagandahan nito. She was wearing

dark glasses too, at tila lalong nakapagpadagdag iyon ng sophistication nito.

May naglalarong tanong sa kanyang utak: Would it be possible for them to get back together? Ipinilig niya ang kanyang ulo. He was insane for even thinking about the impossible.

# 4

Kumain sila ng lunch sa isang steakhouse sa Tagaytay crossing. Sinabi ni Drigo na huwag siyang magtanggal ng shades. Ang awkwardness na nararamdaman ni Julia ay unti-unting nahalinhan ng di-maipaliwanag na kasiyahan sa isang bahagi ng kanyang puso. Namalayan na lamang niya na nakikipagpalitan siya ng kuro-kuro kay Drigo tungkol sa politika, sa ekonomiya at kung anu-ano pa.

Mabuti na lamang at may suot siyang shades kaya nakakatingin siya ngayon nang derecho sa mga mata nito. Nagagawa niyang titigan ang binata nang matagal. Masyado kasing matiim tumingin ito. Hindi niya kayang labanan ito ng titigan kung wala siyang shades. She hoped he didn't remove his shades also. Nakikita kasi niya ang magagandang mata nito na parang nakangiti habang nagsasalita ito.

Nang kawayan niya ang waiter para sa bill nila ay mabilis itong dumukot ng wallet sa likurang bulsa ng pantalon nito. "I'll take it," anito.

"B-bakit ikaw? Dapat ako ang magbayad," sabi niya.

"Bakit?"

"Bodyguard kita, di ba?"

Bahagyang ngumiti ito. "Hindi porque't bodyguard ako, ibig sabihin, wala akong pambayad," biro nito.

Naisip niyang pinipilit nitong pagaanin ang sitwasyon sa pagitan nilang dalawa kaya nagbibiro ito, bagay na ipinagpapasalamat naman niya. "Hindi naman iyon ang ibig kong sabihin. It's my obligation to pay."

"Let's just put it this way," anito. "Malaki ang contract price na hiningi ko kay Vince. Binigyan niya ako ng fifty percent downpayment kaya marami akong pera," dugtong na biro nito.

"It shows naman. You drive an *Expedition* and you own a farm."

Tumawa ito nang malakas. "Ang layo na ng narating ng panglilibre ko sa iyo, ah. Gusto ko lang namang makabawi. Noon, banana cue at palamig lang ang kaya kong ilibre sa iyo. At saka 'yung… popcorn sa… sa sine… noon."

Alalahanin pa ba! Nag-init ang pisngi ni Julia sa tila pagpapa-alala nito sa nakaraan nila. Nawalan

siya ng kibo.

Hanggang sa nakalabas sila ng restaurant at nagtungo sa katabing mini-mart ay hindi na siya nagsalita. Si Drigo ang may sulong nang cart. Kumukuha lang siya ng mga kailangan niyang bilhin. Paisa-isa lang ang dampot niya dahil naka-sling pa rin ang kaliwang braso niya. Dumadampot din ang lalaki ng gusto nito. Napansin niyang kumuha ito ng anim na beer-in-can.

Nilingon siya nito. “I hope you won’t mind me buying beer. Nakasanayan ko na kasing uminom ng beer bago matulog. Pero huwag kang mag-alala, I only have one beer a night at hindi naman ako umiinom tuwing gabi. Kung minsan lang.”

Pinilit niyang magbiro. “Baka makatulog ka at biglang dumating si Fred, hindi mo ako maipagtanggol.”

“Hindi ako malalasing sa isang beer lang. I assure you, no one will harm you habang nasa tabi mo ako.”

Parang hinaplos ang kanyang puso sa sinabi nito. Hindi niya maintindihan pero talagang secure na secure ang kanyang pakiramdam sa tabi ni Drigo.

She thought of her boyfriend. Mestizo at

guwapo si Jimmy. He was the clean cut type and had a very lean physique. Palaging makintab ang sapatos nito. Palaging plantsadong-plantsado ang polo at pantalon. He was very vain.

Sinulyapan uli niya si Drigo. Malinis ding tingnan ang kanyang kasama kahit nakasuot lang ito ng rubber shoes, maong jeans at t-shirt. Mabango rin ito. He had a masculine scent soothing to her senses. Mild na mild ang gamit na pabango nito. Ang mga braso nito na namumutok sa muscles ay parang kay sarap yumakap. Para bang kayang-kaya siyang protektahan kahit kanino.

"Wala ka nang gustong bilhin?" biglang tanong nito at nilingon siya.

Nakaramdam si Julia ng pagkapahiya. Nahuli nitong nakatingin siya rito. "W-wala na yata." Ano ba ang nangyayari sa kanya at ikinukumpara niya si Jimmy kay Drigo?

May bigla siyang naalala. Malapit na ang kanyang menstrual period at hindi siya nakapagdala ng sanitary napkin. "Oh… wait. I'll just get something. Sige na, pumila ka na." Tumalikod siya at mabilis na tinungo ang section ng sanitary napkins.

Sinundan siya ng lalaki.

Naalangan tuloy siyang dumampot. “Doon ka na kasi.”

“Bodyguard mo ako. I should not be away from you at all times,” paalala nito.

“Wala naman si Fred dito.”

“We’re not one hundred percent sure,” anito. “Get what you need.” Bahagya pa nitong ininguso ang hilera ng sanitary napkins.

Mainit na mainit ang mga pisngi ni Julia. Mabilis na kumuha siya ng dalawang packs. Ibinato niya iyon sa cart saka mabilis na naglakad patungo sa counter.

Ngingiti-ngiting nakasunod si Drigo sa kanya.

Kahit anong pamimilit niya, ito pa rin ang nagbayad ng mga pinamili nila.

Nakatingin sa kanya ang kahera habang ibinabalik sa lalaki ang sukli kaya tinanong siya nito kung siya si Julia Andrada. Mabilis na sumagot si Drigo na kamukha lang ng dalaga ang sikat na TV host. Ayon sa babae ay tagahanga niya ito.

“Ang suwerte po ninyo, Sir,” nakangiting saad ng kahera nang bumaling sa binata.

"Bakit?"

"Kamukha po ni Julia Andrada ang asawa ninyo."

"Hindi ko siya asawa. Girlfriend pa lang."

Labis ang pagkagulat ni Julia sa sinabi nito kasabay ng sobrang pag-iinit ng kanyang mga pisngi. Bago pa siya nakahuma ay nabitbit na ni Drigo sa kanang kamay ang dalawang plastic bag na pinamili nila bago siya inalalayan sa pamamagitan ng kaliwang kamay nito. "Let's go, babe."

Para siyang sinilihan sa pagdaiti ng kamay nito sa siko niya. Babe. That was what he used to call her then as term of endearment. Paiwas niyang inilayo ang siko rito. Malakas na malakas ang kabog ng kanyang dibdib.

Hindi na niya hinintay pang mapagbuksan siya nito ng pinto ng kotse at maalalayan. She opened the door herself habang inilalagay ni Drigo ang pinamili nila sa likurang upuan.

Nang nakaupo na sa driver seat ay nagsalita ito. "Did I offend you?"

"H-hindi. Bakit?"

"C'mon. I know I did. Pasensya ka na. Kailangang

gawin ko 'yon."

"Bakit?"

"Kahit naka-shades ka, nakilala ka ng kahera. Paano kung sinabi nating ikaw nga si Julia Andrada? Pag-uusapan ka… na naging customer ka nila. Mahirap magbaka-sakali. Who knows, sa paghahanap sa iyo ni Fred ay mapunta siya rito 'tapos marinig na pinag-uusapan ka. Iniiwasan ko lang ang komplikasyon. I hope you understand. Pati 'yung.. 'yung pagsasabi ko na girlfriend kita. H-hindi naman siguro sila maniniwala kung sasabihin kong amo kita o kapatid kaya."

Napalunok siya. "I understand."

"Good." Binuhay nito ang ignition. Mayamaya pa'y pakanta-kanta na ito habang nagmamaneho.

Si Julia naman, hindi na naging normal ang pintig ng puso. Naiinis na siya. Unang araw pa lang na magkasama sila ng lalaking naging bahagi ng kanyang nakaraan, naliligalig na siya. Sa ngayon, hindi siya natatakot sa lalaking nagbabanta sa kanya dahil nariyan lang si Drigo. Mas natatakot siya sa kanyang nararamdaman para sa bodyguard.

"SA AKING MGA GILIW na tagapakinig, maraming salamat sa inyong mga dasal. I'm all right. Huwag kayong mag-alala. Walang pananakot na makapagpapatigil sa pagbibigay natin ng tulong sa mga kababaihang naaapi. Sooner or later ay babalik din sa normal ang lahat. Basta palagi ninyong tandaan, huwag magpapaapi. Alamin ang inyong mga karapatan bilang babae. Hanggang bukas po… dito lang sa… *Straight From A Woman's Heart*."

Nang pindutin ni Julia ang end call button ng kanyang cellphone ay napasulyap siya kay Drigo. Nasa tabi ito ng cassette tape. Pinakinggan nito ang payo niya sa letter sender na binasa ng PA niya bago siya tinawagan nito para bigyan ng payo ang caller.

Lumapit ang lalaki sa kanya. "See? Hindi mo rin mami-miss ang radyo."

"Mami-miss din. Iba kapag nasa booth mismo. Sana mahuli na ang Fred na 'yon para mabalik na sa normal ang takbo ng buhay ko."

"Gusto mong magmerienda?" aya nito. Nakatitig na naman ito sa kanya.

She immediately felt the rush in her heart. "Anong merienda?"

"Nakakita ako ng hinog na saging sa kitchen.

Inilagay siguro ng caretaker doon. Okay lang siguro na bawasan natin. Parang gusto kong magluto ng banana cue."

"Marunong ka?"

"Oo naman."

Bago pa siya uli nakapagsalita ay nakatalikod na si Drigo. Nagtuloy ito sa kusina. Sinundan niya ito. Nakita niyang nagbalat ito ng ilang piraso ng saging na saba bago nagsalang ng kawali at binuhusan ng mantika. Hiniwa nito ang saging sa gitna, binudburan ng asukal bago inilagay sa kumukulong mantika.

Napangiti si Julia. Parang hindi bagay sa gaya nitong machong-macho na kumilos sa kusina pero nakakatuwa itong tingnan. Parang kay sarap nitong yakapin mula sa likuran.

Ano ba ang nangyayari sa kanya? Bago pa siya mabaliw sa kung anu-anong iniisip ay tumalikod na siya. Bumalik siya sa sala. Para mawala ang kung anu-anong kalokohang naghahari sa kanyang utak at puso ay tinawagan niya ang cellphone number ni Jimmy.

Time in Australia was two hours ahead. Pasado alas seis na roon ng gabi kaya puwede niya itong tawagan. Nakaapat na ring bago sumagot ang

kasintahan.

"Hello?"

"Hi, sweetheart."

"Oh… how are you, darling?"

"I'm all right. I'm now in a safe place." Nabanggit na niya rito ang tungkol sa pagkuha ni Vince ng bodyguard niya.

"Who's with you?" nais nitong malaman.

"M-my... bodyguard. We're in Vince's place in Cavite."

"Is Vince with you?"

"N-no."

"Is it safe there?" paniniguro pa nito.

"Oo naman," nakangiting tugon niya.

"Good. And the bodyguard, is he okay?"

"Y-yes, he is." Hindi seloso si Jimmy. He was secured of her love for him. Inasahan na niyang hindi ito magbabanggit ng kung anumang negatibong bagay. Kaya ngayon, lalong mabigat ang kanyang kalooban dahil sa di-sinasadyang nararamdaman niya para kay Drigo. Nagi-guilty siya.

"You be careful, darling, okay?"

"Yes."

"Can I talk to your bodyguard? What's his name?"

"H-ha? Uhm… Drigo. N-nasa kitchen siya, sweetheart."

"Ganoon ba? I'll talk to him some other time. Pa'no… I'll have an early dinner meeting in five minutes. I'll give you a ring tonight."

"Okay."

"I love you."

"I love you too." Pinindot ng dalaga ang end call button ng kanyang cellphone. Humugot siya ng buntong-hininga. Naiinis siya sa sarili. Bakit parang hindi na sincere ang pagsabi niya ng 'I love you too' kay Jimmy ngayon? She was being unfair to him.

DINIG NA DINIG NI DRIGO ang sinabi ni Julia sa kausap nito. Bakit parang piniga ang kanyang puso sa narinig na iyon? Hindi dapat pero iyon ang kanyang nararamdaman.

Damn! Para siyang g*go kung papatulan niya

ang ibinubulong ng kanyang utak. Subalit pati ang puso niya ay nakigaya na rin sa pagbubulong ng kanyang nararamdaman.

He was there to protect Julia and not for anything else! Besides, he was in a relationship. Hindi siya ang tipo ng lalaking mananapak ng kapwa lalaki at mananakit ng damdamin ng isang babae. In his entire bachelor life, he had never been a two-timer.

Napabilis ang lapit niya kay Julia nang napalingon ito sa kanya. “Luto na?” nakangiting tanong nito.

*Jesus! I love your smile*, hinaing ng kanyang puso. “Oo naman. Madali lang magluto nito.” Umupo siya sa upuang tabla na katapat ni Julia. Itinusok niya ang isang tinidor sa saging, bahagyang hinipan iyon bago iabot dito.

Nakatingin ito sa kanya. Mukhang hindi nito nagustuhan ang pag-ihip na ginawa niya sa saging nito.

Binawi niya ang tinidor. “Sorry, nahipan ko.” Nalimutan niyang VIP ang dalaga. Gugustuhin ba nitong hipan ang pagkain nito ng kung sino? “Papalitan ko na lang.”

Nangunot ang noo nito. “Bakit?”

"Nahipan ko. Baka may germs na."

To his amazement, she laughed. "Sobra ka naman. Para 'yon lang." Inagaw nito sa kanya ang tinidor na may nakatusok na saging. Hinipan nito ang kalulutong pagkain.

He loved her smile but he loved her laughter even more. "'Sabagay, kasisipilyo ko lang kahapon." Pinipilit niyang magpatawa para mawala ang kabog sa kanyang puso. Gamit ang kamay ay dumampot siya ng saging at isinubo ang isang kabiyak sa bibig bago nginuya na parang walang anuman.

Nakatingin si Julia sa kanya habang mabining ngumunguya. "You changed a lot," anito.

"Did I? Paano mo nasabi?"

"Years ago, masyado kang seryoso."

"Hindi naman."

"Seryoso ka," giit nito. "I remember palaging nakakunot ang noo mo noon."

"Kailangan kasi para sundin ako ng mga estudyante bilang corps commander ng CAT."

"Pati sa akin, masyado kang seryoso."

Napamaang siya sa sinabi ni Julia.

"I mean… uhm…"

"I was really serious about you then." He was looking intently at her eyes as he spoke.

Natigilan ito. Ibinaba nito ang hawak na tinidor sa plato saka pilit na pinasaya ang boses. "Hay naku… those were the days of being young. Hindi pa natin alam ang ginagawa natin noon."

Hindi niya alam kung anong lakas ng loob mayroon siya para magsalita. "Alam na alam ko ang ginagawa ko noon. Ang alam ko, nagmahal ako nang totoo."

"D-Drigo…"

Ano ba ang nangyayari sa kanya? Dapat tumigil na siya sa pagbabanggit tungkol sa nakaraan . Baka biglang mag-alsa-balutan si Julia at bumalik ito sa Maynila dahil sa pinaggagawa niya. Tumayo siya. "I'll get drinks. Ano'ng gusto mo?"

"Kahit ano."

Pagbalik niya sa sala ay pinilit na niyang huwag magbanggit ng kung anuman. Nang yayain niya ang dalaga na mamasyal sa likuran ng resthouse para ipakita ang munting sapa roon ay sumama ito. Lihim siyang nagpasalamat na hindi ito nagalit sa

pag-uungkat niya rito ng nakaraan. Natanggap na niyang dahil bata pa si Julia noong nagkaroon sila ng relasyon ay hindi pa ito seryoso. He should not bring up the past anymore.